Pinapahid na Analgesics

Panimula

Ang mga Pinapahid na analgesic ay mga gamot na inilalalgay o marahang iminamasahe sa balat upang pansamantalang makabawas sa sakit ng kalamnan at kasukasuan sa iba't ibang uri tulad ng mga cream, gel, ointment, mga patches para sa balat at mga spray.

Karaniwang mga Produktong Pinapahid na Analgesic

Ang mga karaniwang ginagamit na mga produktong pinapahid na analgesic ay inuuri sa pangkalahatan ng tatlong kategorya kabilang na ang counterirritant, walang steroids na pantanggal pamamagang mga gamot (NSAID), at opioid analgesic:

1. Counterirritants: Gumagana ang mga ito sa pamamagitan ng paggawa ng mas mababang antas ng sakit upang makontra ang mas malalang sakit. Kabilang sa mga karaniwang halimbawa ang methyl salicylate, menthol, camphor at katas ng capsicum.
2. NSAIDs: nagbibigay ito ng epektong analgesic sa pamamagitan ng pagharang ng cyclo-oxygenase 2 (isang enzyme na nag-aayos ng paglabas ng prostaglandins, na responsable para sa sakit at pamamaga). Kabilang sa mga karaniwang halimbawa ang diclofenac, piroxicam, ibuprofen, indomethacin at ketoprofen.
3. Opioid analgesic: Sila ay sinisipsip ng balat at pinipigilan ang central nervous system na tumanggap ng pakiramdam na sakit. Kabilang sa mga karaniwang halimbawa ang fentanyl at buprenorphine.

Lahat ng produktong pinapahid na analgesic ay nagbibigay ng pansamantalang pagtanggal ng sakit lamang, mangyaring gamitin ito sang-ayon sa utos ng mga doktor o parmasyutiko; o gamitin ng eksakto sa utos ng etiketa/ papel sa pakete upang maiwasan ang masamang epekto mula sa sobrang paggamit o pagkalason (hal. pagkalason sa salicylate). Kung ikaw ay nagdurusa mula sa paulit uli o malala at sobrang sakit, mangyaring kumonsulta o humingi ng payo mula sa doktor.

Karaniwang mga Masamang Epekto *

1. Pinapahid na counterirritants: pamumula ng balat, pakiramdam na nasusunog, pangangati, pamamantal, atbp.
2. Pinapahid na NSAIDs: pamamantal ng balat, pangangati, pamumula, pagka-irita ng balat, photosensitivity, atbp.
3. Pinapahid na opioid analgesics: hirap sa pagdumi, pagkaantok, pagduduwal at pagsusuka, pagkapagod, pagkahilo, sakit ng ulo, sakit ng tyan, atbp.

Kung ikaw ay nakakaranas ng anu mang senyales ng allergy kabilang na ang pamamantal ng balat nang may pagpaltos, pagkahikahos ng paghinga, pamamaga ng mukha, labi, dila or lalamunan, ihinto ang paggamit ng produkto at kumonsulta sa doktor ng agad.

Pangkalahatang pangunahing paalala *

- Huwag lalampas sa inirerekomendang tagal ng paglunas/ nabanggit na dosis.
- Huwag takpan ang ginamot na balat ng benda o heat pad
- Iwasang mailagay ito sa mukha, anit, mata, o mucous kapag ginagamit

- Iwasang mailagay sa malaking parte ng balat
- Iwasang mailagay ang produkto sa mga balat na may sugat
- Iwasang gamitin ang mga pinapahid na produkto na mayroon methyl salicylate sa mga batang mayroong trangkaso, bulutong, o lagnat
- Huwag gumamit ng pinapahid na NSAID kung ikaw ay may kasaysayan ng pagiging sensitibo sa salicylate (hal. aspirin) o iba pang NSAID, kabilang na iyong mga nagkaron ng atake ng hika, angioedema, urticaria, o rhinitis na nagmula sa aspirin o iba pang NSAID.
- Kumonsulta sa iyong doktor bago gumamit ng anu mang pinapahid na produkto na mayroong salicylates (hal. methyl salicylate) kung ikaw ay gumagamit ng pampanipis ng dugo.
- Kumonsulta sa iyong doktor bago gumamit ng anu mang pinapahid na produkto na naglalaman ng methyl salicylate kung ikaw ay may allergy sa salicylic acid.
- Iwasan ang sobrang pagkalantad ng ginagamot na parte na may pinapahid na NSAID sa sinag ng araw upang maiwasan ang posibilidad ng photosensitivity
- Kumonsulta o humingi ng payo mula sa doktor bago gumamit ng pinapahid na analgesic sa mga bata.
- Kumonsulta sa iyong doktor bago gumamit ng anu mang pinapahid na analgesic kung ikaw a buntis o nagpapasuso.

Mga karagdagang pangunahing paalala kapag gumagamit ng opioid transdermal patches (i.e. fentanyl o buprenorphine)*:

- Iwasan ang sunod sunod na paggamit sa parehong lugar.
- Huwag putulin ang patch nang walang medikal na payo.
- Huwag uminom ng alkohol, magmaneho, o magpatakbo ng mabigat na makinarya.
- Gamitin ang opioid transdermal patch ayon sa utos ng iyong doktor. Huwag huminto sa paggamit nito nang hindi kumokonsulta sa iyong doktor.

Pangkalahatang payo sa paggamit ng pinapahid na analgesics*

- Parating sumunod sa mga tagubilin mula sa iyong doktor o parmasyutiko; o gamitin eksakto sa utos ayon sa etiketa/ mga papel sa pakete.
- Ihinto ang paggamit ng produkto at kumonsulta sa iyong doktor agad agad kung magkaroon ng reaksyon na allergy
- Maghugas ng kamay pagkatapos gamitin ang mga produkto. Kung gumagamit ng gamut upang gamutin ang isang lugar sa iyong mga kamay o daliri, maghintay ng mga 30 minuto bago hugasan ang iyong mga kamay.
- Kumonsulta sa iyong doktor kung lumala ang iyong kondisyon, o kung hindi mawala ang sintomsa sa mahigit 7 araw o mawala at pagkatapos ay bumalik muli pagkatapos ng ilang araw.

Pagtatago

Ang pinapahid na mga analgesics ay kailangang itabi sa malamig at tuyong lugar. Maliban na lamang kung nabanggit sa mga etiketa, ang mga gamut ay hindi dapat itinatabi sa mga refrigerator at kailangang itabi sa mga lugar na hindi abot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkalulon o pagkalason.

* Maaaring hindi sakop ang lahat ng posibleng mga masamang epekto, paunang paalala, mga paalala, epekto sa ibang gamong, reaksyon sa allergy o iba pang masamang epekto sa mga impormasyong napapaloob dito.

Tanggapan ng mga Gamot

Kagawaran ng Kalusugan

Dis 2022